5

# Modelong Banghay- Aralin sa Filipino

Kuwarter
Linggo
5

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 5**
**Kuwarter 1: Linggo 5**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat: Maria Fe G. Hicana**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**


**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*(Una hanggang Ikatlong araw)*<br>**Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto o hakbang.**<br>*a. Napagsusunod-sunod ang mga panuto o hakbang.*<br>*b. Naisasaayos ang mga panuto o hakbang.*<br>**Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso.**<br>*b. naglalahad (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso)*<br>**Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa pambansang pistang opisyal.**<br>*(Ikaapat na araw)*<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>*d. Pokus ng Pandiwa (tagaganap/ aktor)*<br>**Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:**<br>• *pakikihalubilo sa ibang tao (pagpapakilala, pangungumusta, pag-anyaya sa pagkain , pagpapatuloy sa bahay, pakikisangkot sa biruan sa positibong paraan, pagtatanong)* |

| | |
|---|---|
| | *(Ikalimang araw)*<br>**Natutukoy ang mga elemento ng *multimedia*.**<br>● *text (signs)* |
| **C. Nilalaman** | Unang Linggo<br>AKDANG IMPORMATIBO:<br>Pagsunod-sunod sa panuto o hakbang<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: Pokus ng Pandiwa (tagaganap/aktor)<br>TEKSTONG BISWAL:<br>*text (signs)* |
| **D. Integrasyon** | Pagsunod sa batas trapiko |


| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/<br>Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br>Larawan ng Ilaw-Trapiko. (2024). Kinuha sa : https://simple.wikipedia.org/wiki/Traffic_light<br>Ibig Sabihin ng Kulay -Trapiko. (2024) Hinango sa: https://www.facebook.com/freeportareaofbataan<br>Pagsunod sa Panuto Song. (2020). Hinango sa: https://www.youtube.com/watch?v=lex_4HuLvjU<br>Pagsunod sa Panuto (III-VI). (2021).Hinalaw sa: https://www.youtube.com/watch?v=Qzz5XO9Xepo<br>Aral Tv DepEd Leyte. (2023). Hinalaw sa : https://www.youtube.com/watch?v=q2TVNU4lgJg<br>Kulay ng Trapiko. (2024). Kinuha sa: https://simple.wikipedia.org/wiki/Traffic_light<br>Pagsunod sa Panuto. (2021). https://www.youtube.com/watch?v=q2TVNU4lgJg |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|


| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**MAALAALA MO KAYA:** Pagsunod-sunod sa panuto o hakbang<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>1. Tumayo nang tuwid.<br>2. Humarap sa iyong katabi o kaklase.<br>3. Ngumiti.<br>4. Sabihin ang iyong pangalan.<br>5. Sabihin sa katabi o kaklase: "kinagagalak kong kausap kita ngayon." Ang saya-saya ko!". "Maraming salamat ha."<br>Pagkatapos ipagawa sa mga mag-aaral ang mga panuto ay itanong ang sumusunod:<br><br>*Hinalaw sa: https://www.youtube.com/watch?v=Qzz5XO9Xepo*<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Ipapanood sa mga mag-aaral ang awiting "Pagsunod sa Panuto Song" sa link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=lex_4HuLvjU<br>**Gabay na tanong:**<br>1. Tungkol saan ang awitin?<br>2. Ano-ano ang panuto na sinabi sa awitin? Isa-isahin ito.<br>3. Sino ang nagbigay ng panuto, ayon sa awitin?<br>4. Ano-ano ang katangian ng panuto sa awitin?<br>5. Ano ang natutuhan mo sa awitin? | Basahin nang malakas ng guro ang bawat pangungusap at ipagawa sa mga mag-aaral.<br>Itanong ang nakasaad na mga tanong pagkatapos ipagawa ang mga panuto.<br>Ang sagot ay alinman sa sumusunod:<br>Pagsunod sa panuto<br>Pagsunod sa hakbang<br>Pagsunod sa Tagubilin<br>Kailangan ng koneksyon sa *internet/data* para maipapanood sa mga mag-aaral ang awiting "Pagsunod sa Panuto Song." Kung walang *internet* o *data* ay panooring mag-isa ng guro at saka irekord ang sarili ang awitin.<br>Sabayan ang awitin ng buong klase. Pangungunahan ito ng guro. Pagkatapos, ibigay ang mga gabay na tanong. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **ILAW TRAPIKONDISYON: TALAKAY SA PAGSUNOD SA PANUTO/HAKBANG**<br><br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Isipin Mo.** Naranasan mo na bang sumakay sa traysikel, sa dyip, o sa bus, o sa LRT/MRT?<br>Subukan mo ngang sagutin ang mga tanong na nakasaad sa bawat larawan:<br><br><br><br><br>*Kinuha sa: https://www.youtube.com/watch?app=desktop&v=CM0HnGLOkVE*<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Angkop na Wika:** Bago basahin ang talata, tukuyin kung paano ginamit ang mga salita sa sitwasyong nakasaad. Isulat ang letra sa patlang at ipaliwanag ang naging sagot.<br><br>**1.** Natatakot kang tumawid. May nakasabay ka na mas matanda sa iyo. Ano ang angkop na wika ang sasabihin mo?<br>a. Paano ba tumawid? | Tumawag ng mag-aaral na babasa sa bawat tanong na nakasaad sa dalawang larawan. |

| | | |
|---|---|---|
| | b. Maaari po bang pakitulungan ako sa pagtawid?<br>c. Marunong po ba kayong tumawid? Pakitulungan naman ako.<br>**Sagot at Paliwanag:** ________________________________________<br>____________________________________________________<br><br>**2.** Nakita mong pinagtatawanan ang kaklase mo dahil sa kaniyang kasarian**.** Ano ang sasabihin mo sa mga kaklase mo?<br>a. Magsitigil na kayo!<br>b. Huwag kayong bastos! Igalang niyo siya kahit iba siya sa atin.<br>c. Huwag naman ninyong pagtawanan ang kaklase natin dahil lang iba ang kasarian niya sa atin. Hindi ito tama. Igalang natin siya dahil tao rin siyang tulad natin.<br>**Sagot at Paliwanag:** ________________________________________<br>____________________________________________________<br><br>**3.** Araw ng mga Matatanda. Bigla mong naalala ang iyong lola. Hindi mo siya nabati kanina bago ka pumasok sa paaralan. Ano ang sasabihin mo sa ka- niya pag-uwi mo?<br>a. Maligayang araw ng mga Matatanda, lola! Pasensiya po lola at nakalimutan ko po kayong batiin kaninang umaga.<br>b. Hi, lola. Araw niyo pala ngayon.<br>c. Lola, ngayon pala ang araw ninyo. Nakalimutan kong batiin kayo kanina. Baka naman puwede po kayong manlibre.?<br>**Sagot at Paliwanag:** ________________________________________<br>____________________________________________________ | |
| **3. Paglinang at Pagpapalalim** | **RUTALAKAYAN: NAGLILIYAB NA KAALAMAN**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Ilaw Trapiko**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**ILAW TRAPIKO:** Basahin ang bawat kulay ng ilaw trapiko at isulat ang ibig sabihin ng bawat kulay. | .<br><br>Maaaring ang nasa larawan mismo ang ipakita sa mga mag-aaral o tanungin sila kung nakakita na ng ilaw trapiko. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>Kinuha sa: https://simple.wikipedia.org/wiki/Traffic_light<br><br>Ano ang ibig sabihin ng bawat kulay sa trapiko?<br>**1. Kulay Pula: Sagot:** ________________________________<br>**2. Kulay Berde: Sagot:** ______________________________<br>**3. Kulay Dilaw: Sagot:** ______________________________<br><br>Sa pagpapatuloy ng mag-aaral sa pagkilala ng Kulay ng Trapiko, ipabasa ang talata hinggil sa ibig sabihin nito.<br>**Tekstong Impormatibo: Pagsunod sa Panuto**<br>**IBIG SABIHIN NG KULAY -TRAPIKO**<br>*Hango sa: https://www.facebook.com/freeportareaofbataan*<br><br>Ang mga Kulay-Trapiko ay mga senyas sa trapiko na naglalayong gabayan, balaan, at kontrolin ang daloy ng trapiko. Ano ang ibig sabihin ng bawat kulay?<br>**Pulang Ilaw –** Nangangahulugang huminto o "stop." Huminto at maghintay hanggang ang ilaw ay maging berde bago magpatuloy ang mga drayber sa pagpapatakbo ng sasakyan at ang mga tao ay makatawid sa kalsada.<br>***Tanong ng Guro: Ano ang dapat gawin kapag kulay pula ang ilaw trapiko?***<br><br>**Patay Sinding Pulang Ilaw** – Huminto, suriing mabuti ang interseksyon at magbigay daan sa mga naunang makakapasok sa interseksyon at magpatuloy lamang kung wala nang kasalubong sa kalsada.<br>***Tanong ng Guro: Ano ang ipinahihiwatig ng patay sinding pulang ilaw?*** | Saka ipasagot ang ibig sabihin bawat kulay.<br><br>**Susing Sagot:**<br>1. Pula-Hinto (Stop)<br>2. Berde – Magpatuloy (Go)<br>3. Dilaw – Bagalan (Slow)<br><br>Ipabasa muli ang talata. Tumawag ng limang mag-aaral upang basahin ang bawat representasyon ng kulay trapiko.<br><br>Itanong muli sa mga mag-aaral kung tungkol saan ang binasang talata? Ano ang natutuhan.<br>Gawing gabay ang Lagom ng binasang talata.<br><br>Ipabasa ang bawat talata sa mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Dilaw na Ilaw –** Bagalan ang takbo ng sasakyan at maghanda sa paghinto kapag ang ilaw ay naging pula na. Sa Ingles, tinatawag itong *slow o slow down.*<br>***Tanong ng Guro: Kapag kulay dilwa na ang ilaw trapiko, ano naman ang ibig sabihin nito?***<br><br>**Patay Sinding Dilaw na Ilaw –** Kapag hindi *"peak hours"* (lalo na sa gabi), mapapansin na ang *Traffic Light Indicators* ay nagpapakita lamang ng *flashing yellow light.* Ibig sabihin nito ay *"first-to-stop, first-to-go"* ang daloy ng trapiko.<br>***Tanong ng Guro: Ano kaya ang ibig sabihin ng "first-to-stop, first-to-go"?***<br><br>**Berdeng Ilaw** – Nangangahulugang magpatuloy o "*go*" ngunit bago magpatuloy, tingnang mabuti kung may tumatawid pang pedestrian o di kaya'y mayroon pang sasakyan.<br>***Tanong ng Guro: Ano ang dapat gawin bago magpatuloy?***<br><br>Sa binasang talata, natutuhan mo ang tungkol sa Panuto. Ano nga ba ang kahulugan ng panuto o hakbang?<br><br>Ang panuto ay isang tagubilin o inuutos kung ano ang gagawin. Maaaring pabigkas o nakasulat ang isang panuto. Mahalaga ang pagsunod sa panuto upang maiwasan ang pagkakamali. Sa pamamagitan ng pag-unawa at pakikinig nang mabuti ay masasagot nauin ang mga tanong tungkol sa mahahalagang detalye tungkol dito. Magagawa rin nating makasunod sa panuto kung unawain nating mabuti ang ating binabasa o pinakikinggan.<br>Ito rin ay:<br>- Ito ay mga tagubilin sa pagsasagawa ng inuutos na gawain.<br>- Ito ay maaring pabigkas o nakasulat ang mga panutong kailangang sundin o isagawa.<br>- Makatutulong sa maayos, mabilis, at wastong pagsasagawa ng gawain ang pagsunod sa ibinibigay na panuto.<br>- Ginagamit din ang mga salita tulad ng sa kanan, sa itaas, o sa ibaba, sa ilalim sa pagbibigay na panuto. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Bakit kaya mahalaga ang pagsunod sa panuto o hakbang?<br><br>- Mahalagang pakinggang mabuti ang panuto upang maunawaan ang dapat gawin.<br>- Mahalaga ang pagsunod sa panuto upang magawa nang tama and isang bagay.<br>- Sundin ang panuto ayon sa pagkasunod-sunod nito upang mamasan ang aksidente at upang makuha ang tamang resulta.<br>Pagsunod sa Panuto:<br><br>- Sa pag-uutos, kasabay na sinasabi ang panuto kung paano gagawin ang utos.<br>- Sinusunod natin ang mga napapakinggang panuto upang magawa ang mga gawain nang wasto at maayos.<br><br>Basahin ang mga halimbawa:<br>A.<br><br>● Itaas ang kanang kamay kung  nais basahin ang talata.<br>● Lumingon sa kanan at kaliwa bago tumawid.<br>● Huwag mag-atubiling magtanong kung hindi alam ang daan.<br><br>B. Basahin ang ipinagagawa ng guro sa mga mag-aaral.<br>1. Kumuha kayo ng isang malinis na papel.<br>2. Isulat ang inyong pangalan sa unang gunit sa dakong kaliwa ng inyong papel.<br>3. sulat ang petsa ngayon sa kanang banagi nito. | Pakuhanin ng isang buong papel ang bawat mag-aaral at ipagawa ang bawat hakbang. Tiyaking makakasunod ang mga mag-aaral sa panuto at wasto ang pagsunod sa bawat hakbang.<br><br>**Posibleng sagot:**<br>**A. LIMANG bagay…** |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Iguhit sa inyong papel kung sino sa tauhan sa kuwento ang gusto ninyong tularan.<br>b. Itaas ang invong iginuntt. isa-isang pumunta sa narapan atIpakita and inyong iginunit.<br><br>C. Basahin ang pinagagawa ng nanay ni Yen sa kaniya. Tumawag ng dalawang mag-aaral.<br><br>Bago matapos ang pagbasa sa talatang ito, huwag kalimutan na:<br><br>**Tandaan:**<br><br>Ang pagsunod sa panuto ay napakahalaga. Ang maayos na pagsunod sa panuto ay patunay lamang na ang bumabasa, nakikinig at sumusunod ay mga taong madaling makaintindi. Ang hindi pagsunod dito ay pagpapatunay lamang ng kamangmangan o pagwawalang-bahala. Maraming pagkakamali, pagkalito o pagka-gambala ang bunga ng hindi pagsunod sa panuto.<br><br>**Tandaan:**<br>- Sa pag-uutos, kasabay na sinasabi ang panuto kung paano gagawin ang utos.<br>- Sinusunod natin ang mga napapakinggang panuto upang magawa ang mga gawain nang wasto at maayos.<br><br>**RUTA NG SULIRANIN: PAGTUGON SA PAGSASANAY**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay** | - Ang panuto ay mga tagublin sa pagsasagawa ng inuutos na gawain.<br>- Ito ay maaring pabigkas o nakasulat ang mga panutong kailangang sundin o isagawa.<br>- Makatutulong sa maayos, mabilis, at wastong pagsasagawa ng gawain ang pagsunod sa ibinibigay na panuto.<br>- Ginagamit din ang mga salita tulad ng sa kanan, sa itas, o sa ibaba, sa ilalim sa pagbibigay ng panuto.<br><br>Narito ang dapat mong tandaan sa pagbibigay ng panuto.<br>1. Maikli at madaling maintindihan.<br>2. Gumamit ng mga simpleng salitang madaling maunawaan.<br>3. Maayos at may pagkakasunod-sunod. |

A. Basahin isa-sa ang mga hakbang na ipagagawa sa mga mag-aaral habang nakikinig at sinusunod ito ng mga mag-aaral. Pagkatapos, piliin kung sino ang nakasunod sa panuto. Ipalahad ito sa klase.

1. Iguhit ang isang bilog sa bandang itaas ng papel.
2. Sa taas ng bilog, gumuhit ng isang korona.
3. Sa bandang ibaba ng bilog ay iguhit naman ang tatsulok.
4. Sa loob ng hugis tatsulok, isulat sa malaking titik ang unang letra ng Iyong pangalan.
5. Kulayan ng pula ang hugis tatsulok.
6. Sa ibaba at labas na ng tatsulok, gumuhit ng parihaba
7. Sa loob ng parihaba, isulat ang iyong apelyido.
8. Kulayan ng dilaw ang parihaba.
9. Sa ilalim ng parihaba, gumuhit ng puso.
10. Kulayan ng pula ang puso.

*Hinalaw sa : https://www.youtube.com/watch?v=g2TVNU4lgJg*

**IKALAWANG ARAW**

**B. PANUTO KO, SUNDIN MO:** Patayuin ang mga mag-aaral at ipagawa ang sumusunod na panuto. Maaaring bigyan ng parusa ang hindi makakasunod o pamiliin ang mag-aaral sa nais gawin. Halimbawa ay magwawalis pagkatapos ng klase at iba pa

1. Tumayo nang tuwid.
2. llagay ang kanang kamay sa ulo.
3. Ilagay naman ang kaliwang kamay sa baywang.
4. Kumending-kending ng limang beses
5. Tumalon at sabay itaas ang kamay.

**RUTA NG KASUKDULAN: BUGSO NG NATUTUHAN**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**A.** Maglista ng LIMANG bagay na dapat tandaan tungkol sa panuto. Isulat ang sagot sa patlang:

**1.** ________________________________________________

**2.** ________________________________________________

3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

**B.** Bilugan ang bilang ng pangungusap na tumutukoy sa panuto o hakbang. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Nakikinig ang mga mag-aaral sa guro.
2. Tasahan ang lapis at gumuhit ng larawan sa kuwaderno.
3. Masayang naglalaro ang mga mag-aaral sa kanilang klase sa P.E.
4. Basahin ang talata sa pahina 5-8.
5. Lagyan ng guhit ang inyong papel sa kanang itaas na bahagi.

**C.** Pakinggang mabuti ang ididiktang panuto/hakbang ng guro. Gawin ito.

**A.** Sundin ang panuto:
1. Isulat ang buong pangalan sa ikaapat na bahagi ng papel.
2. Bilugan ang mga patinig sa iyong pangalan.
3. Guhitan ang mga katinig sa iyong pangalan.

**B.** Sundin ang panuto:
1. Kumuha ng lapis, papel, at pangkulay
2. Iguhit sa papel ang inyong paaralan at kulayan ito.
3. Ilagay ang petsa sa kanang itaas na bahagi ng papel.
4. Isulat ang pangalan sa kaliwang bahagi ng papel na nauuna ang apelyido.

**Kaugnay na Paksa 2: Pokus ng Pandiwa (Tagaganap/Aktor)**

**Ipabasa ang mga pangugusap mula sa tampok na talata:**
1. Ang **bata** ay tumawid nang makitang berde na ang kulay-trapiko.
2. Hindi nakinig ang **mag-aaral** sa panuto kaya mali lahat ng kaniyang sagot sa pagsusulit.
3. Inisa-isa ng **guro** ang mga hakbang sa paggawa ng proyekto.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**
   1. Ano ang napansin sa mga initimang salita?

**Sagot:** ___________________________________________
2. Ano ang simuno sa bawat pangungusap? Paaano ito ginamit?
**Sagot:** ___________________________________________
3. Ano ang mga pandiwang ginamit sa bawat pangungusap?
**Sagot:** ___________________________________________
4. Ano ang mga panlaping ginamit sa bawat pandiwa?
**Sagot:** ___________________________________________
5. Ano kayang pokus ng pandiwa ang ginamit sa bawat pangungusap?
**Sagot:** ___________________________________________

**Talakayin ng Guro:**
Pokus
• Ito ang relasyon ng pandiwa sa SIMUNO paksa ng pangungusap.
• Ang simuno ang pinagtutuunan ng pandiwa sa pangungusap
• Makikita ito sa panlaping ginamit sa pandiwa.

Pokus sa Tagaganap o Aktor
• Ang tagaganap ang pokus ng pandiwa.
• Sumasagot ito sa tanong na Sino
• Panlapi: -um, mag-, maka- at ma-

Halimbawa:
Ang kabataan ay kumalap, ng pondo para makatulong sa nangangailangan.


**Aktor-pokus o Pokus na Tagaganap –** ang paksa ang tagaganap ng kilos na isinasaad ng pandiwa sa pangungusap; sumasagot sa tanong na "sino? "
Hal. Nagpasa ng proyekto ang mga mag-aaral.
Nagsagawa ng palaro ang guro para sa "*Catch Up Friday*."

2. **A. Pinatnubayang Pagsasanay:** Humanap ng kapareha at sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang pagkaunawa mo sa pokus aktor ng pandiwa?
**Sagot:** ___________________________________________
___________________________________________
2. Ano ang tanong na sinasagot ng actor sa pangungusap?

| | | |
|---|---|---|
| | **Sagot:** ______________________________<br>______________________________<br>3. Ano-ano ang karaniwang panalpi ang ginagamit sa actor pokus ng pandiwa?<br>**Sagot:** ______________________________<br>______________________________<br><br>4. Magbigay ng tigdalawang halimbawa ng pokus ng pandiwang Aktor o tagaganap.<br>**Sagot:** ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**B.** Guhitan ang mga **pokus tagaganap/aktor** sa bawat pangungusap at bilugan ang pandiwang ginamit.<br>1.Pula ang kulay ng ilaw-trapiko kaya huminto sa pagtawid ang bata.<br>2. Hindi marunong sumunod sa panuto ang pinsan ko.<br>3. Kahit berde na ang kulay ng ilaw-trapiko ay tumingin pa rin sa kaliwa't kanan ang mga *pedestrian.*<br>4. Bumagal na sa pagmamaneho ang drayber dahil dilaw na ang kulay-trapiko.<br>5. Ang bawat tao ay kailangang matutong sumunod sa panuto para hindi mapahamak.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay.**<br>Sumulat ng limang pangungusap na may **pokus tagaganap/aktor.** Gawing gabay ang pandiwang nakasaad.<br>1. **tinulungan**<br>*Pangungusap:* ______________________________<br>2. **sumunod** | |


<table>
<tr><td></td><td>Pangungusap: ___________________________________________<br>3. tumawid<br>Pangungusap: ___________________________________________<br>4. nagtanong<br>Pangungusap: ___________________________________________<br>5. nakinig<br>Pangungusap: ___________________________________________</td><td></td></tr>
<tr><td>4. Paglalahat</td><td>IKATLONG ARAW<br>ILAW NG WAKAS: PAG-ILAW NG TUGON<br>• Pabaong Pagkatuto<br><br>A. Basahing mabuti ang panuto at gawin ito.<br><br>1. Hatiin ang isang papel sa apat na bahagi. Lagyan ng guhit ang bawat tupi.<br>2. Isulat ang bilang isa hanggang apat sa bawat kahon. Iguhit sa unang kahon ang ginagawa mo tuwing araw ng Sabado.<br>3. Isulat sa ikalawang kahon ang mga kasapi ng iyong pamilya.<br>4. Sa ikatlong kahon, iguhit ang gawain ninyong magkaklase nang tulong-tulong sa paaralan.<br>5. Sa ikaapat na kahon, isulat ang iyong buong pangalan. Bilugan ito.<br>Mula sa: https://www.youtube.com/watch?v=q2TVNU4lgJg<br><br>RUBRIK SA PAGMAMARKA<br><br>SAANG ANTAS KA NABIBILANG?<br>5 TAMANG NASUNOD NA PANUTO<br>NAPAKAHUSAY!<br>3-4 TAMANG NASUNOD NA PANUTO<br>MAGALING!<br>1-2 TAMANG NASUNOD NA PANUTO<br>PAGBUBUTIHIN PA!<br><br>B. Magpatulong sa magulang o tagapagbantay upang maisagawa ito:</td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | PATNUBAY NG MAGULANG!!!<br>Kuhanan mo ng video o picture ang iyong sarili habang ikaw ay nagsasaing. Sa pagsasagawa nito, kailangan mong sabihin ang bawat hakbang na iyong ginagawa o lagyan ng caption ang bawat larawan.<br><br><br><br>• **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Pagsunod sa Batas Trapiko:** Basahing mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br><br>1. Sa iyong palagay, kung hindi mo sinusunod ang ibig sabihin ng kulay-trapiko, ano ang mangyayari sa iyo?<br>2. Ano ang gagawin mo kung sa kalagitnaan ng iyong pagtawid ay biglang naging kulay pula ang kulay-trapiko? Ipaliwanag.<br>3. Magsalaysay ng iyong karanasan o nasaksihan tungkol sa usapin ng batas trapiko. Humandang ibahagi ito sa klase. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pagsusulit**<br>**A.** Basahing mabuti ang bawat hakbang at gawin ito.<br>1. Gumuhit ng isang malaking tatsulok sa bandang itaas ng papel.<br>2. Sa ibaba nito idugtong ang parisukat. | **A. Posibleng sagot:** |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Sa loob at gitna ng parisukat, gumuhit ng linyang patayo.<br>4. Gumuhit ng malit na parisukat sa bandang kaliwa at taas na bahagi ng linya.<br>5. Iguhit ang isang puno sa kaliwang bahaging papel.<br><br>B. Basahin ang bawat pangungusap at **bilugan ang aktor tagaganap/pokus at guhitan ang pandiwang ginamit.** Pagkatapos, gamitin ang pandiwa sa sariling pangungusap.<br><br>1. Inabutan ng pulang ilaw-trapiko ang matanda habang tumatawid.<br>**Sariling Pangungusap:** ____________________________________<br>2. Hindi napapahamak ang anak na nakikinig sa panuto ng magulang.<br>**Pangungusap:** ____________________________________<br>3. Inayos ng pulis ang daloy ng trapiko dahil ito'y nagkabuhol-buhol na.<br>**Pangungusap:** ____________________________________<br>4. Nagkagulo ang mga *pedestrian* dahil sira ang *stop light.*<br>**Pangungusap:** ____________________________________<br>5. Tinulungan ng *traffic enforcer* na makatawid ang mga bata at matatanda.<br>**Pangungusap:** ____________________________________<br><br>C. **IGMN (I-Google Mo NA).** Humanap ng kapareha. Pag-usapan ang kahulugan ng bawat *text* na nakasaad sa batas-trapiko. Maaaring magsaliksik sa *Google* para sa sagot: |  |

| TEXT | KAHULUGAN |
|---|---|

| | |
|---|---|
| <br>Kinuha sa:<br>https://englishan.com/road-and-traffic-signs/ | |
| <br>Kinuha sa:<br>https://englishan.com/road-and-traffic-signs/ | |
|  | |

| | |
|---|---|
| Kinuha sa:<br>https://englishan.com/road-and-traffic-signs/ | |
| <br>Kinuha sa:<br>https://englishan.com/road-and-traffic-signs/ | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |
| <br>Kinuha sa:<br>https://englishan.com/road-and-traffic-signs/ | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

1. Sa isang buong *bond paper*, sumulat ng limang panuto tungkol sa sumusunod na gawain. Pumili lamang ng **isa.** Ipalahad ito sa klase.

A. Pagluluto ng bigas

B. Paglilinis ng bahay

C. Pagsunod sa Ilaw-Trapiko

D. Pagtatapon ng basura

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Tanungin ang magulang kung paano ka pinaenrol at tanungin ang tungkol sa Enrolment Form para sa susunod na paksa.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">D. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>E. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Maria Fe G. Hicana | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |